# PIVOT EsPAPEL

*Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) Antas ng Pagpapahalaga, Ebalwasyon at Layon*

Pangalan: ___________________________ Antas/ Baitang: _____________ Puntos: ___________
Paaralan: ________________________ District / Cluster: ____________ Division: ______________

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** **Week: 1 Quarter: 3**

- Nakikilala ang mga palatandaan ng katarungangpanlipunan.
- Nakapagsusuri ng mgapaglabagsakatarungangpanlipunan ng mgatagapamahala at mamamayan.

## Layunin

Sa araling ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:

1. Nakikilala at nasusuri ang mga palatandaan ng katarungang panlipunan at paglabagdito;
2. Naipakikita ang kahalagahan ng pagsasabuhay ng katarungang panlipunan; at
3. Naisasabuhay ng mga tagapamahala at mga mamamayan ang katarungan sa lipunan na kanilang kinasasakupan.

## Panimula

**Basahin ang teksto:**

Ayon kay Santo Tomas de Aquino, ang katarungan ay isang gawin ay gumagamit ng kilos-loob sa pagbibigay ng nararapat sa isang indibidwal. Ang kilos-loob nais ang makatuwirang pagkagusto ay magpapatatag sa iyong pagiging makatarungan bilang tao. Sa pamamagitan ng pagiging makatarungan, sinusunod mo ang likas na Batas Moral

MAKATARUNGANG TAO – Ayon kay Andre Comte-Sponville (2003), isa kang makatarungang tao kung ginagamit mo ang iyong lakas sa paggalang sa batas at sa karapatan ng kapuwa. Isinasaalang-alang mo rin ang pagiging patas sa lahat ng tao.

PANGUNAHING PRINSIPYO NG KATARUNGAN
Bilang tao, karapatan ng bawatisana mabuhay at mamuhay nang hindi hinahadlangan o pinaghihimasukan ng iba. Kung nilabag ang karapatang ito, mawawalan ng katarungan.

PAGGALANG SA KARAPATAN NG IBANAGSISIMULA SA PAMILYA ANG KATARUNGAN
Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng mga magulang mo sa paghubog ng iyong pagiging makatarungan. Iminumulat ka nila sa katotohanan ng may karapatan at tungkulin ka bilang tao hindi lamang sa pamilya kundi pati na rin sa lipunan.

Ginagabayan ka nila upang mapahalagahan at maisabuhay mo saiyong pang-araw-arawnaugnayansaiyongkapwa ang mgakarapatan at tungkulingito

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**:

Panuto: Magbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa katarungang panlipunan na angkop sa iyong pagkakaunawa sa tekstong binasa. Isulat ito sa loob ng mga kahon sa ibaba.

KATARUNGANG PANLIPUNAN

## Pagpapaunlad

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

Panuto: Suriin ang mga sumusunod na pangungusap. Lagyan ng ekis (X) kung ito ay nagpapakita ng paglabag sa katarungang pantao at tsek (✓) naman kung hindi.

_________ 1. Nalimutan ni Ana ang kanyang aklat sa kaniyang silid-aralan. Agad naman itong kinuha ni Sonia upang ibalik sa kanya.

_________ 2. Nakita ni Allan na hindi ibinalik ni Eric ang labis na sukli sa canteen ngunit kahit may alam siya ay inilihim niya pa rin ito.

_________ 3. Nalaman ni kapitan na labis-labis ang pondo ng kanilang barangay ngunit mas minabuti na lamang niya naitago ito upang magamit pa sa susunod na kapistahan.

_________ 4. Bilang president sa klase; mas pinili ni Karen naibigay ang lahat ng gawain sa kanyang mga kamag-aaral at umuwi na siya ng kanilang bahay upang magpahinga.

_________ 5. Ibinalik ni Thaniel ang modyul na kumpleto at malinis sa kanyang guro.

## Pakikipagpalihan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:**

Panuto: Punan ang tsart sa ibaba ng mga sitwasyong nagpapakita ng (a) pagiging makatarungan at (b) kawalan ng katarungan. Magtala ng limang sitwasyong kayang itala.

| MAKATARUNGAN | DI - MAKATARUNGAN |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

## Paglalapat

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:**

Panuto: Nakagawa ka naba ng mga bagay na kung saan ay naisabuhay mo ang katarungan? Kung oo, ipaliwanag kung paano. Isulat sa talata ang iyong sagot.

__________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

_____________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:**

Panuto: Sa iyong palagay, ano ang magandang maidudulot ng pagsasabuhay ng katarungang panlipunan sa kasalukuyan bilang isang mamamayan o tagapamahala.

## REPLEKSYON

A. Lagyan ng limang (5)☆(star) ang kahon sa ibaba kung nagawa mo nang maayos ang kahingian ng aralin, tatlo (3) kung katamtaman, at isa (1) kung nangangailangan ng karagdagang patnubay ng guro o magulang/ tagapangalaga.

B. Isulat sa patlang kung anong bahagi ng aralin ang nangangailangan ng karagdagang patnubay.

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**Link / References:**

EdukasyonsaPagpapakatao 9 (pahina 129- 146)
Sanggunian: Sheryll T. Gayola et.al. ,EdukasyonsaPagpapakatao 9, pp. 147-160
https://fdocuments.in/document/grade-9-esp-modulepdf.html